Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
SCHOOLS DIVISION OFFICE OF MUNTINLUPA CITY

Office of the Schools Division Superintendent

FEB 14 2022

MEMORANDUM

CHILD EVANGELISM FELLOWSHIP (CEF)
ELEMENTARY AND HIGH SCHOOL VALUES EDUCATION CLASS (EHSVEC)

To: OIC-Assistant Schools Division Superintendent
Chief Education Supervisor, Curriculum Implementation Division
Chief Education Supervisor, School Governance and Operations Division
Public and Elementary Secondary School Heads/OICs
All Others Concerned

1. Attached is a letter from Ms. Helen I. Salvado, Directress, Child Evangelism Fellowship (CEF) Muntinlupa Chapter, NCR South Area, dated January 26, 2022, on the above-captioned title, contents of which are self-explanatory, for the information and guidance of all concerned.

2. Particular attention is invited to the fifth paragraph, curriculum guide, and other attachments, relative to the details of the said program.

3. Schools who would like to partner with CEF in their mission to assist in the moral and spiritual formation of our learners and for other related concerns may directly contact Ms. Helen I. Salvado at 09174481834 or email her at cef_muntinlupa@yahoo.com.

4. Immediate and wide dissemination of this Memorandum is desired.

DOMINICO C. IDANAN CESO V
Schools Division Superintendent

Enclosure: As stated
References: None
To be indicated in the Perpetual Index
under the following subjects:

PARTNERSHIPS TEACHERS VALUES EDUCATION

KSJT / **CHILD EVANGELISM FELLOWSHIP (CEF) ELEMENTARY AND HIGH SCHOOL VALUES EDUCATION CLASS (EHSVEC)**
060 / FEBRUARY 8, 2022

Student Center for Life Skills Bldg., Centennial Ave, Brgy Tunasan, Muntinlupa City
(02) 8805 - 9935, (02) 8805 - 9940
sdo.muntinlupa@gmail.com

ISO 9001: 2015 Certified No: 18.1519.026

2/11/22

CEF
CHILD EVANGELISM FELLOWSHIP
Since 1937 *Reaching children worldwide*

MUNTINLUPA CHAPTER
NCR South Area, Philippines

"Even so, it is not the will of your Father which is in heaven that one of these little ones should perish." Matthew 18:14

DR. DOMINICO C. IDANAN
SUPERINTENDENT
CITY SCHOOLS DIVISION
MUNTINLUPA CITY

SDO-CITY OF MUNTINLUPA
Received
Date 1/26/2022
Time 4:20

January 26, 2022

Dear Sir:

Greetings in our Lord, Jesus Christ!

Thank God for allowing our organization to partner with your good office for the moral and spiritual formation of the pupils and students of the City of Muntinlupa! Through the years that we have been conducting Elementary and High School Values Education Class (EHSVEC), we have seen the impact of teaching values based on the Word of God to children and youth.

During this pandemic, our organization continues to work for boys and girls. In lieu of face-to-face EHSVEC, we thank God for Mailbox Club who has partnered with us in distributing Modules to your schools for the development of the reading comprehension skills of Grade Three and Grade Four children. We have also launched EHSVEC TV and self-learning modules in coordination with different schools.

This SY, we added new lessons that will address the problems of many students as they deal with the challenges and difficulties of distance learning. Our curriculum, "Pandemya o Fundemya" includes lessons, such as:

- Huwag Susuko
- Mga Istratehiya sa Pag-aaral sa New Normal
- Paano Magagapi ang Mga Hamon ng Distance Learning
- Ang Bibliya Bilang Gabay Ko

In addition, we have also launched EHSVEC Brigada Basa, another support to the Reading Program of DepEd. To help enhance reading and comprehension skills, we have prepared story-telling videos which are read with highlighted words for children to follow.

There are four ways these lessons may be brought to learners:

1. Class advisers or subject teachers may download the episodes from our YouTube channel, EHSVEC TV, and share the same during their online classes. Each lesson has links to an online quiz so we may grade the students properly.
2. Schools may distribute EHSVEC self-learning modules to students. This may be collected and checked by our volunteers, and we can feedback the class adviser about the responses of the students.
3. Schools may be given the soft copies of the EHSVEC self-learning modules which the teachers may use as resource materials during online classes.

6/2/2018

4. Class advisers or subject teachers may invite one of our trained volunteers to their online ZOOM or Google Meet classes to do a 10-minute talk per week to the students.

May we work side by side with your school principals or teachers for the schedule and other details of this project.

Once again, we are praying that you may give us another opportunity to serve with you. We hope to hear from you soonest. If you have questions, please feel free to email us or contact the number below.

Sincerely yours,



HELEN I. SALVADO
Directress
CEF Muntinlupa Chapter
NCR South Area

Helen I. Salvado, Area Directress Contact No.: 09174481834 Email: cef_muntinlupa @yahoo.com

Child Evangelism Fellowship®
Elementary and High School Values Education Class™ (EHSVEC®)
"PANDEMYA O FUNDEMYA"
SY 2021-2022

CURRICULUM GUIDE

First Quarter

WK	Lesson Title	Illustration	General Objectives	Value Focus	Application	YT Link
1	**Don't Quit**	Kung Fu Panda	• Discuss the significance of the three key verses as they apply in the present situation. • Resolve not to quit by writing a statement or a promise to himself or herself.	Focusing on the present situation	Whatever problems or challenges they may encounter in the New Normal are just temporary. They should, therefore, hold on.	
2	**Quitters Don't Win**	The Little Maid in Naaman's Story	• Appreciate the story of the little maid and apply the principles learned in the story in his or her own life.	Making the most out of every situation	Don't complain. The things that are happening in your life is under God's control. Trust Him.	
3	**Winners Make Plans**	David and Goliath	• Make plans / strategies how to deal with the challenges of the New Normal.	Problem solving	Don't quit but strategize your life to make your burdens easier.	
4	**Two Swords**	King Saul and Saul of Tarsus	• Differentiate the two Sauls	Making the right choice	There are many things that can deceive you. Be wise in making your choices.	
5	**Three Hours Which Changed the World**	9 o'clock, 12 o'clock, 3 o'clock	• Discuss the significance of the three hours.	Living a life pleasing to God	You are important to God, so live your life according to His purpose.	
6	**Love Gives All**	Norman's Account	• Demonstrate thankfulness for the sacrifices of his or her parents, and especially of The Lord Jesus Christ.	Thankfulness and gratefulness	Be thankful for your parents and to God by living a disciplined life.	
7	**The Mirror Tells the Truth**	The Bible is like a mirror	• Reflect on the importance of the Word of God in his or her life	Knowing oneself	You are not defined by how you look but by how God sees you.	

8	**Out of Plumb**	A plumbline	• Resolve to align his or her life to the teachings in the Bible.	Making the right decisions	Avoid making decisions which you will regret in the end.
9	**The Best News in the World**	Newspaper, radio, and a Bible	• Express positive thinking in spite of the many negative things happening around.	Be positive by focusing on the good things that you have	There are many negative things around us, but you can stay positive in spite of them.
10	**Follow the Compass**	A compass and a Bible	• Discuss why it is important to have values.	The importance of having a value system	Say YES or NO based on your value system.
11	**Our Guiding Light**	Flashlight and Lighthouse; the World War II	• Use biblical principles to make the right choice.	Making the right choice	The world is a dark place because of sin and evil. The Bible gives us light, so we don't stumble in our path.

Joe messaged Official ABCI MU | BRIGADA BASA - YouTube

youtube.com/playlist?list=PLnswPj7Czg0HgiX5QieVDSxmK0pQJ8dvb

YouTube PH

Search


Home

Explore

Subscriptions

Library

History



BRIGADA BASA

17 videos • 328 views • Updated yesterday

EHSVEC TV

SUBSCRIBE

1 

BRIGADA BASA (Episode 1)- Ang Kasaysayan ng Paglikha

EHSVEC TV

2 


BRIGADA BASA (Episode 2)- Ang Halamanan ng Eden

EHSVEC TV

3 


BRIGADA BASA (Episode 3) - Si Cain at si Abel

EHSVEC TV

4 

BRIGADA BASA (Episode 4) - Ang Arko ni Noe

EHSVEC TV

5 

BRIGADA BASA (Episode 5) - Si Jose at ang kanyang mga Kapatid

EHSVEC TV

https://www.youtube.com/watch?v=NoO-MNgAU18&list=PLnswPj...

EHSVEC-Modules-....pdf

EHSVEC-NM-Les....docx

31°C ENG

Joe messaged Official ABCI MU | BRIGADA BASA - YouTube

youtube.com/playlist?list=PLnswPj7Czg0HgiX5QieVDSxmK0pQJ8dvb

YouTube PH

Search


Home

Explore

Subscriptions

Library

History



BRIGADA BASA

17 videos • 328 views • Updated yesterday

EHSVEC TV

SUBSCRIBE

6 

BRIGADA BASA (Episode 6) - Si Jose at ang asawa ni Potifar
EHSVEC TV

7 

BRIGADA BASA (Episode 7) - Si Jose at Ang Dalawang Panaginip
EHSVEC TV

8 

BRIGADA BASA (Episode 8) - Si Jose at Ang Magandang Plano ng Diyos sa kanya!
EHSVEC TV

9 

BRIGADA BASA (Episode 9) - Ang Muling Pagkikita ni Jose at ng Kanyang mga Kapatid!
EHSVEC TV

10 
BRIGADA BASA (Episode 10) - Nagbalik kay Jose ang Magkakapatid!

https://www.youtube.com/watch?v=NoO-MNgAU18&list=PLnswPj...

EHSVEC-Modules-....pdf

EHSVEC-NM-Les....docx

(20+) Facebook | BRIGADA BASA - YouTube

youtube.com/playlist?list=PLnswPj7Czg0HgiX5QieVDSxmK0pQJ8dvb

YouTube PH

Search


Home

Explore

ubscriptions

Library

History



BRIGADA BASA

17 videos • 328 views • Updated yesterday

EHSVEC TV

SUBSCRIBE

14:38 EHSVEC TV

11 


BRIGADA BASA (Episode 11) - Ipinangako ang Pagsilang ni Isaac

EHSVEC TV

12 

BRIGADA BASA (ENGLISH Episode 1) - The Creation of the World

EHSVEC TV

13 

BRIGADA BASA (English Episode 2) - The Fall of Man

EHSVEC TV

14 

BRIGADA BASA (ENGLISH Episode 3) - Cain and Abel

EHSVEC TV



BRIGADA BASA (ENGLISH Episode 4) - Noah's Ark

ttps://www.youtube.com/watch?v=NoO-MNgAU18&list=PLnswPj...

EHSVEC-Modules-....pdf

EHSVEC-NM-Les....docx

31°C ENG 5:14 25/01/

Joe messaged Official ABCI MU | BRIGADA BASA - YouTube

youtube.com/playlist?list=PLnswPj7Czg0HgiX5QieVDSxmK0pQJ8dvb

YouTube PH

Search


Home

Explore

Subscriptions

Library

History



BRIGADA BASA

17 videos • 328 views • Updated yesterday

EHSVEC TV

SUBSCRIBE

13 

BRIGADA BASA (English Episode 2) - The Fall of Man

EHSVEC TV

14 

BRIGADA BASA (ENGLISH Episode 3) - Cain and Abel

EHSVEC TV

15 

BRIGADA BASA (ENGLISH Episode 4) - Noah's Ark

EHSVEC TV

16 

BRIGADA BASA (ENGLISH Episode 5) - Joseph and his Brothers

EHSVEC TV

17 

BRIGADA BASA (ENGLISH Episode 6) Joseph and Potiphar's Wife

EHSVEC TV

EHSVEC-Modules-....pdf


EHSVEC-NM-Les....docx

31°C ENG

m.youtube.com

YouTube





EHSVEC - EPISODE 1
EHSVEC TV



EHSVEC - EPISODE 2
EHSVEC TV



EHSVEC - EPISODE 3
EHSVEC TV




EHSVEC - EPISODE 4
EHSVEC TV



EHSVEC - EPISODE 5
EHSVEC TV

m.youtube.com

YouTube





EHSVEC - EPISODE 4
EHSVEC TV



EHSVEC - EPISODE 5
EHSVEC TV



EHSVEC - EPISODE 6
EHSVEC TV




EHSVEC - EPISODE 7
EHSVEC TV



EHSVEC - EPISODE 8
EHSVEC TV

m.youtube.com


YouTube







EHSVEC - EPISODE 7
EHSVEC TV



EHSVEC - EPISODE 8
EHSVEC TV



EHSVEC - EPISODE 9
EHSVEC TV



EHSVEC - EPISODE 10
EHSVEC TV

CHILD EVANGELISM FELLOWSHIP® OF THE PHILIPPINES

ELEMENTARY AND HIGH SCHOOL VALUES EDUCATION CLASS (EHSVEC)

2021-2022

Unang Markahan

MAMUHAY NANG TAMA



Base sa

Bible Talks for Children

ni Dr. Sam Doherty

CHILD EVANGELISM FELLOWSHIP
NCR SOUTH

CHILD EVANGELISM FELLOWSHIP® OF THE PHILIPPINES
ELEMENTARY AND HIGH SCHOOL VALUES EDUCATION CLASS (EHSVEC)
UNANG MARKAHAN

MENSAHE PARA SA MAGULANG:

Kami po sa Child Evangelism Fellowship, isang organisasyon para sa mga bata at kabataan ay lubos na nagagalak at ang iyong anak ay isa sa mga nakatanggap ng mga araling ito. Ang amin pong layunin ay ang mapanatili ang pagtuturo ng mabubuting asal sa mga mag-aaral kahit na sa panahon ng pandemya. Ang mga aralin pong ito ay makatutulong sa inyong anak upang lalo pang makilala ang Diyos, madiskubre ang sarili, at malaman kung ano ang kahulugan ng buhay at paano ito gagamitin nang tama. Ang mga araling ito ay bahagi ng EHSVEC Curriculum, Mamuhay Nang Tama, na aprubado ng DepEd bilang kaaagapay ng mga aralin sa Edukasyon sa Pagpapakatao.

Paano Gagabayan ang Anak sa Pag-aaral:

Ang mga maiigsing araling ito ay naglalaman ng mga katotohanan at prinsipyo na magagamit ng inyong anak sa kanyang buhay.

Upang matulungan ang inyong anak na makinabang sa mga aralin, narito ang ilang bagay na dapat tandaan:

1. Ang mga aralin ay dinisenyo bilang devotional para sa inyong anak. Walang tama o maling sagot dito. Ang nais namin ay malaman kung ano ang iniisip o palagay ng mag-aaral tungkol sa kanyang nabasa.
2. Makabubuting basahin mo rin ang aralin upang makapagbigay ka ng iyong opinyon sa iyong anak, o makapagdagdag ng ilang praktikal na halimbawa kung paano niya ito maisasapamuhay.
3. Turuan ang anak na manalangin bago at pagkatapos ng kanyang pag-aaral upang humingi ng gabay at karunungan mula sa Diyos.
4. Gawing masaya ang pag-aaral. **Hindi kailangang matapos ang lahat ng aralin sa isang linggo, kundi ang isang aralin ay para sa isang linggo lamang.**
5. Matapos sagutan ang mga aralin, kuhaan ng larawan ang mga sagot ng mag-aaral at ipadala sa aming Facebook page, CEF NCR South, o kaya ay sa gurong tagapayo.

KARAGDAGANG MAPAGKUKUNAN NG ARALIN:

Makakakita ng karagdagang aralin sa YouTube channel ng Child Evangelism Fellowship. I-search lamang po sa YouTube ang EHSVEC TV.

Ang Child Evangelism Fellowship ay isang organisasyon para sa mga bata na naglalayong ituro sa kanila ang mga mabubuting asal base sa Salita ng Diyos.

Para sa katanungan, maaari po kaming maabot sa (0910) 4156424, cefncrsouth@yahoo.com, o sa Facebook page CEF NCR South.

Aralin1

DALAWANG TAO, ISANG PANGALAN

KATOTOHANAN:

Ikaw ay kailangang magdesisyon; maaari kang maloko o mapuspos.

ARALIN:

Ano ang pangalan mo? Alam mo ba na ang pangalan ng bawat isang tao ay may kahulugan. Itanong mo sa iyong ama o ina kung bakit iyan ang pangalang ibinigay nila sa iyo.

Sa Bibliya ay may dalawang taong magkapangalan. Sila ay parehong tinawag na Saul. Ang unang Saul ay ang unang hari ng Israel; ang ikalawa naman ay isang eksperto sa kanilang batas. Hindi sila magkakilalang personal dahil sila ay nabuhay sa magkaibang panahon.

Ang Unang Saul

Ang unang Saul ay pinili ng Diyos na maging unang hari ng Israel, subalit, hindi nagtagal, siya ay naging mayabang at, sa maraming pagkakataon ay sinuway niya ang mga utos ng Diyos.

Kaya pumili ang Diyos ng isa pang lalaki upang maging hari ng Israel kasunod ni Saul. Ang lalaking ito ay si David.

Nang malaman ni Saul na maraming mga Israelita ang mas gusto si David kaysa kanya, kinainggitan niya ito at ilang beses niyang pinagtangkaang patayin.

Subalit, hindi siya kinalaban ni David. Umiwas lamang ito at nagtago mula sa hari.

Dahil sa kanyang kayabangan at inggit, maraming napatay at nasaktan si Saul.

Ito ay kanyang nalaman sa bandang huli ng kanyang buhay, at sinabi niyang siya ay nagpakamangmang o nagpaloko sa demonyo na gusto lang siyang sirain.

Ang Ikalawaang Saul

Kung ang unang Saul ay nagsimulang mabuti subalit naging masama, kabaliktaran naman ang nangyari sa ikalawang Saul. Siya ay dating masama na naging mabuti.

Siya ay eksperto sa batas ng Israel, at ginamit niya ang kanyang impluwensya para hulihin at ipapatay ang mga naniniwala na si Jesus ang Anak ng Diyos.

Subalit, nagpakita si Jesus sa kanya at, dahil dito, siya ay nagbago. Naging mangangaral siya tungkol sa kung sino si Jesus at ano ang Kanyang ginawa.

Ipinangaral niya na si Jesus ay namatay sa krus upang ikaw at ako ay maligtas sa ating mga kasalanan. Siya ay napuspos o napuno ng pag-ibig sa kapwa dahil naranasan niya ang pag-ibig ng Diyos.

Ang ikalawang Saul ay dating naloko subalit ngayon ay napuspos. Dati siyang nagpalinlang, subalit ngayon ay alam na niya ang katotohanan, at ang katotohanang ito ang nagpalaya sa kanya.

PAGSASABUHAY:

Maging sa ating panahon ay may mga bagay na naglilinlang sa atin. Nais kang lokohin ni Satanas dahil nais niyang masira ang iyong buhay.

Sinasabi sa Juan 10:10, **"Si [Satanas] ay naparito upang magnakaw, pumatay, at magwasak, subalit [si Jesus] ay naparito upang [ikaw] ay magkaroon ng buhay na masagana."**

Sa paanong paraan ka maaaring linlangin o lokohin ni Satanas?

1. Marahil ay sinasabi niya sa iyo ngayon na napakahirap mag-aral kaya sumuko ka na, huwag ka nang magpatuloy. Kung pakikinggan mo siya, masisira ka dahil napakahirap ng hindi nakapagtapos ng pag-aaral.
2. Marahil ay sinasabihan ka niyang magbisyo gaya ng pag-inom ng nakalalasing na alak, paninigarilyo, o pagdrodroga. Alam natin kung ano ang kahihinatnan mo kapag hinayaan mo siyang lokohin ka.
3. Marahil ay nagtatanim siya ng galit sa iyong puso, at sinasabing huwag mong igalang ang iyong ama at ina, o sinumang tao sa iyong paligid. Kung ikaw ay magiging mapaghiganti, magagamit niya ito upang makagawa ka ng mga bagay na pagsisisihan mo sa huli.

Kaya huwag kang magpapalinlang. Ano ang dapat mong gawin? Magtiwala ka kay Jesus at Siya lamang ang iyong pakinggan dahil, kahit kailan, hinding-hindi ka Niya ipapahamak.

PAGYAMANIN:

1. Magbigay ng isang katangian na mayroon ang unang Saul.
   _____
   _____
2. Magbigay ng isang katangian na mayroon ang ikalawang Saul.
   _____
   _____
3. Ano ang naging dahilan ng pagbabago ng unang Saul?
   _____
   _____
4. Sino ang mga taong ipinahuhuli at ipinapapatay ng ikalawang Saul?
   _____
   _____
5. Magbigay ng isang bagay kung paano ka maaaring linlangin ni Satanas.
   _____
   _____
6. Sino ang naparito upang ikaw ay sirain?
   _____
   _____
7. Sino ang naparito upang ikaw ay bigyan ng masaganang buhay?
   _____
   _____

8-10. Isaulo ang Juan 10:10.

MANALANGIN:

Amang Diyos, maraming salamat dahil iniingatan mo ako. Bigyan mo po ako ng karunungan at lakas upang hindi ako malinlang ni Satanas. Sa pangalan ng Iyong Anak na si Jesus. Amen.

Aralin 2

TATLONG ORAS NA NAKAPAGPABAGO NG SANLIBUTAN

KATOTOHANAN:

Si Jesus ay namatay sa krus upang ikaw at ako ay maligtas.

ARALIN:

Anong oras na ngayon? Tingnan mo nga ang iyong relo.

Alam mo ba na may tatlong oras na nakapagpabago ng ating mundo? Ang mga oras na ito ay:

- Alas nuwebe (9am)
- Alas dose (12nn) at
- Alas tres (3pm)

Alam mo ba paano nangyari ito?

- Alas nuwebe (alas-9 ng umaga) nang si Jesus, ang Anak ng Diyos ay ipako sa krus. Nangyari ito 2000 taon na ang nakararaan. Sa loob ng tatlong oras, siya ay nakapako sa krus. Duguan ang kanyang buong katawan at kalunos-lunos ang kanyang hitsura.
- Alas dose (alas-12 ng tanghali) naman nang nagsimulang dumilim ang kalangitan. Parang naging gabi ang tanghaling tapat.
- Alas tres (alas-3 ng hapon) naman nang ang Panginoong Jesus ay mamatay.

Bakit kailangang mangyari ito sa Kanya?

Sinasabi sa Bibliya na ikaw at ako ay makasalanan, at tanging ang buhay lamang ni Jesus ang maaaring pambayad dito.

Kaya si Jesus ay namatay dahil inako Niya ang parusang dapat ay para sa iyo at sa akin.

Wala nang ibang paraan upang ikaw ay maligtas sa kasalanan na nakapaghiwalay sa iyo sa Diyos. Dahil tanging ang buhay lamang ni Jesus ang maaaring pambayad sa kasalananan, Siya lamang din ang paraan upang ikaw ay maligtas.

PAGSASABUHAY:

Ano ba ang kasalanan?

Ito ang mga bagay na iniisip mo, sinasabi mo, at ginagawa mo na ayaw ng Diyos, gaya ng pagmumura, pagsisinungaling, pakikipag-away, pagsuway sa mga magulang, at marami pang iba.

Ang kasalanan ay may kaparusahan. Ito ay ang habang panahong pagkahiwalay sa Diyos dahil ang Diyos ay banal at ayaw na ayaw Niya sa kasalanan. Subalit, dahil mahal ka ng Diyos, gumawa Siya ng paraan upang hindi ka na maparusahan.

Ipinadala Niya si Jesus na Kanyang Anak upang Siyang mag-ako ng parusa.

Si Jesus ay namatay, inilibing, at nabuhay muli sa ikatlong araw. Ang Kanyang muling pagkabuhay ay patunay na ang Kanyang buhay ay sapat na pambayad sa kasalanan ng sanlibutan.

Sinasabi sa Bibliya, **"Gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan, ibinigay Niya ang Kanyang kaisa-isang Anak, upang ang sinumang sa Kanya'y sumampalataya ay huwag mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan" (Juan 3:16).**

Nais ng Diyos na sumampalataya ka o maniwala nang buong puso at isip na si Jesus ay namatay para sa iyo at Siya lamang ang Tagapagligtas.

Gusto mo ba itong gawin ngayon?

Maaari mong kausapin ang Diyos. Sabihin mo sa Kanya na:

- Inaamin mo at tinatalikuran ang iyong mga kasalanan,
- Naniniwala ka na si Jesus ay namatay para sa iyo,
- Hinihiling mong maging anak Niya at magkaroon ng bagong buhay.

Gawin mo ito ngayon. Ipikit mo ang iyong mga mata at taos-pusong kausapin ang Diyos.

PAGYAMANIN:

1. Sabihin kung ano ang kahalaganan ng alas-9 ng umaga ayon sa ating napag-aralan.

   _____
   _____
   _____
   _____

2. Sabihin kung ano ang kahalaganan ng alas-12 ng tanghali ayon sa ating napag-aralan.

   _____
   _____
   _____
   _____

3. Sabihin kung ano ang kahalaganan ng alas-3 ng umaga ayon sa ating napag-aralan.

   _____
   _____
   _____
   _____

4. Bakit tanging si Jesus lamang ang maaaring Tagapagligtas?

   _____
   _____
   _____
   _____

5. Ano ang kasalanan?

   _____
   _____
   _____
   _____

6. Ano ang parusa sa kasalanan?

   _____
   _____
   _____
   _____

7. Bakit kailangang mamatay ni Jesus sa krus?

   _____
   _____
   _____
   _____

8-10. Isaulo ang Juan 3:16 at isulat ito dito sa ibaba.

MANALANGIN:

Panginoong Diyos, salamat po sa pag-ibig mo sa akin. Salamat at ipinadala mo si Jesus, ang iyong Anak upang ako ay maligtas sa kasalanan. Amen.

Aralin 3

IBINIBIGAY NG PAG-IBIG ANG LAHAT

KATOTOHANAN:

Dapat tayong maging mapagpasalamat sa Panginoong Jesus para sa Kanyang mga ginawa.

ARALIN:

Si Norman ay isang masunuring bata. Tinutulungan niya ang kanyang ina sa mga gawaing bahay. Isang araw, nasira ang kanilang telebisyon, kaya tumawag ang kanyang ina ng mag-aayos nito. Nang matapos ang paggawa, nakita ni Norman na binayaran ng kanyang ina ang teknisyan.

Naisip niya na kung binabayaran ang trabaho ay dapat singilin din niya ang kanyang ina para sa mga natapos niyang gawaing bahay.

Kaya kumuha siya ng lapis at papel at isinulat niya ang sumusunod:

Mga Utang Ng Nanay Sa Akin

1. Paghuhugas ng mga pinagkainan	P 100
2. Pagbabantay sa kapatid	P 200
3. Pagbili sa tindahan	P 150
4. Fara sa pagiging mabait na bata	P 150
Kabuuan	P 600

Nang mabasa ito ng kanyang ina, hindi ito nagsalita. Subalit, nang gabing iyon, ay may nakitang papel si Norman sa kanyang lamesa na may ganitong nakasulat:

Mga Utang Ni Norman sa Kanyang Ina

1. Para sa sampung taong pag-aalaga	wala
2. Para sa mga damit at pagkain	wala
3. Para sa pag-aalaga kapag may sakit	wala
4. Para sa pagiging mabuting ina	wala
Kabuuan	wala

Nang mabasa ito ni Norman, siya ay nakunsensya. Umiiyak niyang sinabing, "Nanay, mahal kita. Gagawin ko ang lahat nang walang bayad dahil mahal kita."

PAGSASABUHAY:

Kung tinanggap mo na si Jesus sa iyong buhay bilang Tagapagligtas, dapat mo Siyang paglingkuran bilang pasasalamat sa ginawa Niya para sa iyo.

Sa paanong paraan?

1. Ipakita mo ang pagbabago na nangyari sa iyo. Kung dati kang palamura, itigil mo na ito.
2. Mahalin mo ang Diyos sa pamamagitan ng pagpapakita ng pag-ibig sa iyong kapwa. Kung ikaw ay palaaway, itigil mo na rin ito.
3. Maging masipag sa pag-aaral. Nais ng Diyos na ikaw ay magtagumpay.

May naiisip ka pa bang ibang paraan? Ilista mo ito dito:

_____

_____

_____

_____

Hindi madaling gawin ang mga ito. Subalit ang Diyos ay nangako na ikaw ay Kanyang tutulungan (Hebreo 13:5).

Subalit, kung hindi mo pa tinatanggap si Jesus sa iyong buhay bilang Tagapagligtas, wala ka pang relasyon sa Diyos na siyang magiging simula mo para sa pagbabago.

Ang ibig sabihin nito ay kailangan mong maniwala na si Jesus ay namatay para bayaran ang mga kasalanan mo.

Maaari mong kausapin ang Diyos ngayon at sabihin sa Kanya ang sumusunod:

- Inaamin mo at tinatalikuran ang iyong mga kasalanan,
- Naniniwala ka na si Jesus ay namatay para sa iyo,
- Hinihiling mong maging anak Niya at magkaroon ng bagong buhay.

Gawin mo ito ngayon. Ipikit mo ang iyong mga mata at taos-pusong kausapin ang Diyos.

PAGYAMANIN:

1. Bakit hindi dapat maningil si Norman ng bayad sa kanyang ina?

   _____

   _____

   _____

   _____

2. Mapapasalamatan mo si Jesus sa Kanyang ginawa sa iyo sa pamamagitan ng pagbabagong-

   _____.

3. Ayon sa Hebreo 13:5, ano ang gagawin ng Diyos upang maipakita mo ang pagbabago?

   _____ Niya ako.

4. Iguhit sa ibaba ang ilang mga bagay na maaari mong gawin bilang pasasalamat sa ginawa ni Jesus para sa iyo.

MANALANGIN:

Panginoong Diyos, salamat po dahil si Jesus ay namatay para sa akin. Tulungan mo po akong ipakita sa pamamagitan ng pamumuhay nang tama ang aking pasasalamat sa Kanya. Amen.

Aralin 4

SINASABI NG SALAMIN ANG LAHAT

KATOTOHANAN:

Ipinapakita ng Bibliya kung sino ka.

ARALIN:

Kapag gusto mong makita ang hitsura mo, ano ang gagawin mo?



Wala kang ibang maaaring gawin kundi ang humarap sa salamin.

Makikita mo sa salamin ang iyong repleksyon o ang eksaktong hitsura mo. Makikita mo rito kung may dumi sa iyong mukha, damit, o kung magulo ang iyong buhok.

Ano ang gagawin mo kapag nakita mong may dumi sa mukha mo? Syempre, gagawa ka ng paraan upang maalis ito.

Ang Bibliya ay isang salamin din. Subalit hindi lang nito ipinapakita ang panlabas mong anyo, malalaman mo rin sa Bibliya kung ano ang kalagayan ng iyong puso.

1. Sinasabi ng Bibliya na ikaw ay makasalanan (Roma 3:23), at dahil sa kasalanan, o mga bagay na iniisip, sinasabi at ginagawa mo na ayaw ng Diyos, ikaw ay nahiwalay sa Kanya dahil Siya ay banal.
2. Ang kasalanan ay nagpaparumi sa tao. Sinisira nito hindi lamang ang kanyang buhay kundi maging ang buhay ng kanyang pamilya, at iba pang tao na nasa kanyang paligid.
3. Subalit, hindi mo kayang linisin o iligtas ang sarili mo sa kasalanan at sa parusa na bunga nito.

Ang tanging paraan upang ikaw ay maging malinis ay sa pamamagitan ng Panginoong Jesus.

Si Jesus, ang Anak ng Diyos, ay nagkatawang-tao upang ako ay iligtas.

Ganito ang sinasabi sa 1 Timoteo 1:15, **"Totoo ang pahayag na ito at dapat paniwalaan ng lahat: Si Cristo Jesus ay dumating sa sanlibutan upang iligtas ang mga makasalanan."**

Ikaw at ako ay makasalanan. Sa tingin ng Diyos, ikaw at ako ay marumi. Subalit, dahil sa ginawa ni Jesus, maaari kang maging malinis.

Sinasabi sa Gawa 3:19, **"Kaya nga, magsisi kayo at magbalik-loob sa Diyos upang patawarin ang inyong mga kasalanan."**

Kung ikaw ay magsisisi o kung tatalikuran mo ang iyong mga kasalanan, ikaw ay patatawarin ng Diyos. Ibig sabihin, ikaw ay lilinisin Niya at hindi ka na mapaparusahan sa iyong mga kasalanan.

Hindi mo kayang iligtas ang iyong sarili kaya si Jesus ay naparito upang iligtas ka. Kailangan mo Siyang paniwalaan at maipapakita mo ito sa pamamagitan ng pagtalikod sa iyong mga kasalanan.

PAGSASABUHAY:

Nakakita ka na ba ng isang maruming bagay? Sigurado akong sasabihin mong, "Marami na po."

Hindi ba at hindi kaaya-aya sa paningin ang mga bagay na marumi?

Ganito rin ang kasalanan. Ginawa tayo nito na hindi kanais-nais sa Diyos. Dahil ang Diyos ay banal o perpekto, ayaw Niya sa kasalanan. Kinamumuhian Niya ito dahil mahal ka Niya at alam Niyang dahil sa kasalanan, ikaw ay mapapahamak.

Tumingin ka sa iyong paligid. Maraming buhay ang nawasak dahil sa kasalanan.

Maraming pamilya ang nagkakawatak-watak.

Maraming nakakulong ngayon dahil sa kasalanan nila o ng iba.

Pero, naitanong mo ba sa sarili mo kung bakit gumagawa pa rin ng kasalanan ang tao kahit alam niyang makasisira ito sa kanya?

Ang tao ay ipinanganak na makasalanan o may kagustuhang gumawa ng kasalanan. Kaya kahit walang nagturo sa iyo, nakagagawa ka ng mga bagay na ayaw ng Diyos.

Kahit alam mong mali, nagagawa mo pa rin dahil hindi mo kayang iligtas ang sarili mo. Kaya kailangang pumarito ni Jesus upang ikaw ay iligtas sa kasalanan at sa parusang bunga nito, ang habang panahong pagkahiwalay sa Diyos.

PAGYAMANIN:

Unang Bahagi

Kumpletuhin ang dalawang talata sa pamamagitan ng paglalagay ng tamang salita.

"_____ ang _____ na ito at dapat _____ ng lahat: Si Cristo Jesus ay dumating sa _____ upang _____ ang mga _____." 1 Timoteo 1:15

"Kaya nga, _____ kayo at _____ sa Diyos upang _____ ang inyong mga _____." Gawa 3:19

Ikalawang Bahagi

1. Sino ang naparito upang iligtas ang sanlibutan sa kasalanan?
   _____
   _____
2. Ano ang sinasabi ng Bibliya tungkol sa iyo at sa akin?
   _____
   _____
3. Bakit hindi natin kayang iligtas ang ating sarili?
   _____
   _____
4. Paano ka malilinis sa iyong mga kasalanan?
   _____
   _____
5. Bakit sinasabing ang Bibliya ay salamin?
   _____
   _____
   _____

MANALANGIN:

Panginoong Diyos, salamat dahil ayaw Mong ako ay mapahamak dahil sa kasalanan. Tulungan Mo po akong sumunod sa Iyo. Amen.


Aralin 5

WALA SA HULOG

KATOTOHANAN:

Ibinigay ng Diyos ang Kanyang Salita upang maging gabay natin.

ARALIN:



Pagmasdan ang larawan. Ano ang ginagawa ng lalaking ito? Ano ang kanyang hawak?

Siya ay isang mason at tinitiyak niyang ang haligi ng bahay na kanyang ginagawa ay diretso. Ano ang mangyayari kapag hindi diretso ang haligi?

Maaaring gumuho ang bahay o gusali.

Paano matitiyak ng isang mason na diretso ang haligi?

Gumagamit siya ng hulog. Ito ay isang bakal na nakakabit sa sinulid. Kapag inihulog ito, sadyang tutuwid ang sinulid. Ang haligi ay dapat naaayon sa tuwid ng sinulid para masabing ito ay hindi tabingi.

Ang Bibliya ay tulad ng isang hulog. Ito ang basehan natin upang masabi kung tama ba o mali ang ating pamumuhay.

Sa Amos 7:7-9, sinasabi na ang Diyos ay gumagamit ng hulog upang ipakita sa atin kung tuwid ang ating ginagawa.

Halimbawa, sinasabi sa Bibliya kung ano ang mga bagay na nais ng Diyos.

Nais Niyang maging tapat ka sa lahat ng pagkakataon.

Nais Niyang maging masunurin kang bata.

Nais Niyang umiwas ka sa anumang bisyong makasasama sa iyo.

Kapag sinuway mo ang nais ng Diyos, wala ka sa hulog. Tabingi ang haligi ng iyong buhay at balang araw, ito ay guguho.

Huwag mong hayaang mangyari ito.

Kung tinanggap mo na si Jesus sa iyong buhay bilang Tagapagligtas at nakagawa ka ng kasalanan, makatitiyak kang ikaw ay patuloy Niyang itutuwid.

Kaya kapag ikaw ay nakagawa ng kasalanan, aminin mo ito agad sa Diyos. Sinasabi ng Bibliya sa 1 Juan 1:9, **"Subalit kung ipinapahayag natin ang ating mga kasalanan, patatawarin tayo ng Diyos sa mga ito, at lilinisin tayo sa lahat ng ating kasalanan, sapagkat siya'y tapat at matuwid."**

Ang ibig sabihin ng "ipinapahayag" ay aminin mo ang iyong kasalanan at humingi ka ng tulong sa Diyos upang hindi mo na ito maulit.

Kung aamin ka, at mataimtim na hihingi ng tulong upang labanan ang

kasalanan mo, ikaw ay lilinisin o itutuwid ng Diyos.

PAGSASABUHAY:

May mga bagay ba ngayon sa buhay mo na ayaw ng Diyos? Sa tingin mo ikaw ba ay nasa hulog o wala?

Suriin mo ang iyong sarili. Kausapin mo ang Diyos ngayon at hilinging ipakita sa iyo ang mga mali mo. Hilingin mo rin sa Kanyang ikaw ay Kanyang ituwid.

Manalangin ka ngayon.

PAGYAMANIN:

1. Ano ang ginagamit ng Diyos upang ipakita sa atin kung tama o mali ang ating ginagawa?

   _____

   _____

2. Kapag ang isang tao ay "wala sa hulog," ano ang ibig sabihin nito?

   _____

   _____

   _____

   _____

   _____

3. Bakit mahalagang laging "nasa hulog" ang ating ginagawa?

   _____

   _____

   _____

   _____

4. Ayon sa 1 Juan 1:9, ano ang dapat mong gawin kapag ikaw ay nakagawa ng kasalanan?

   _____

   _____

   _____

   _____

Sa ibaba ay may isang hulog. Isulat sa kaliwang bahagi ang mga bagay na nagpapawala sa ating sa hulog at sa kanan naman ang mga bahay na dapat ginagawa upang maituwid tayo.



MANALANGIN:

Panginoong Diyos, maraming salamat po at palagi mo akong itinutuwid. Tulungan mo po akong laging makinig sa Iyo at sundin ang Iyong mga utos. Amen.


Aralin 6

ANG PINAKAMABUTING BALITA SA LAHAT

KATOTOHANAN:

Ang Diyos ay may mabuting balita para sa lahat.

ARALIN:



Pagmasdan ang larawan. Alam mo ba kung ano ito? Ito ang tinatawag na windvane. Tinuturo nito kung saang direksyon nanggagaling at patungo ang hangin.

May apat na pangunahing direksyon ito: **N**orth (Hilaga), **E**ast (Silangan), **W**est (Kanluran), at **S**outh (Timog), kaya makikita mo sa windvane ang mga titik na **N, E, W, S.**

Kapag pinagsasama-sama ang mga titik na ito, nabubuo nila ang isang salita, NEWS. Isang salitang madalas nating naririnig dahil madalas natin itong ginagamit. Sa tagalog, ito ay balita.

"Anong balita?"

Madalas natin itong itinatanong upang malaman ang mga pangyayari sa ating paligid.

Kapag ikaw ay makikinig ng balita sa telebisyon o radyo, o magbabasa ng dyaryo, anong klaseng balita ang madalas mong maririnig?

Oo, madalas, puro masamang balita ang maririnig mo.

Subalit may mabuting balita sa atin ang Bibliya. Ito ang pinakamabuting balita sa lahat.

Sinasabi ng Bibliya na ikaw at ako ay makasalanan at dapat na maparusahan. Pero ang mabuting balita, may umako ng parusa na dapat ay para sa iyo.

Sinasabi sa Juan 3:16, **"Gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan, ibinigay Niya ang Kanyang kaisa-isang Anak, upang ang sinumang sa Kanya'y sumampalataya ay huwag mapahamak kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan."**

Hindi ka na kailangang maparusahan, ang iyong utang ay nabayaran na. Si Jesus mismo, ang Anak ng Diyos, ay namatay para sa iyo.

PAGSASABUHAY:

Kung tinanggap mo na si Jesus, o kung naniniwala ka na Siya ay namatay para sa iyo, ang mabuting balita ng Bibliya ay hindi ka na mapapahamak. Hindi ka na mahihiwalay sa Diyos. Magiging Ama mo na Siya.

Kung hindi ka pa sumasampalataya o naniniwala, maaari mong kausapin ang Diyos ngayon at sabihin sa Kanyang naniniwala ka kay Jesus na Kanyang Anak na Siya lamang ang makapagliligtas sa iyo.

May isang mabuting balita pa ang Bibliya.

Ipinapangako sa iyo ng Diyos na ikaw ay Kanyang tutulungan na sundin ang Kanyang kalooban.

Sinasabi sa Bibliya, **"Ang Diyos ang tumutulong sa akin"** (Hebreo 15:6).

Hindi ka lang Niya tutulungan na sundin Siya, tutulungan ka rin Niyang harapin ang mga pagsubok na pinagdaraanan mo.

- Nahihirapan ka na ba sa modyuls mo?
- Nawalan ba ng trabaho ang mga magulang mo?
- Malungkot ka dahil hindi na kayo nagkikita ng mga kaibigan mo?

Kausapin mo ang Diyos ngayon at sabihin mo sa Kanya ang mga nararamdaman mo.

Ikaw ay Kanyang tutulungan gaya ng Kanyang ipinangako.

PAGYAMANIN:

Gumuhit ng poster sa bakanteng espasyo tungkol sa pinakamabuting balita sa lahat.

MANALANGIN:

Panginoong Diyos, salamat sa mabuting balita na si Jesus ay namatay para sa akin. Salamat rin po sa pangakong ako ay tutulungan mo sa aking buhay. Mahal na mahal ko po kayo. Amen.

--POSTER--

Aralin 7

SUNDAN ANG KOMPAS

KATOTOHANAN:

Ang Bibliya ay ibinigay ng Diyos sa atin bilang gabay.

ARALIN:

Ilang taon na ang nakararaan nang may isang barkong lumubog sa gitna ng Indian Ocean. May ilang mga nakasakay dito ang nakaligtas gamit ang isang lifeboat. Sila ay nasa gitna ng malawak na karagatan, at ang pinakamalapit na isla ay 3000 kilometro ang layo mula sa kanila. Sa kanilang paglalayag nang ilang araw, naranasan nila ang maraming hirap. Subalit, pagkatapos ng ilang linggo, narating din nila ang isla.


Paano nila ito nagawa?



Sila ay gumamit ng kompas. Ano ang kompas? Ito ay isang instrumento na tinuturo kung nasaan ang hilaga, at mula rito ay maaari mo nang malaman kung saang direksyon ka patungo. Kung ang mga nakaligtas na pasaherong iyon ay walang kompas, mahihirapan silang makita ang maliit na islang kailangan nilang mahanap upang makaligtas.

Alam mo ba na ang Diyos ay may kompas din na ibinigay sa atin? Ang Bibliya ang kompas ng ating buhay. Ito ang nagbibigay sa atin ng gabay upang marating ang dapat nating puntahan. Ang kompas din na ito ang nagbibigay sa atin ng direksyon patungo sa langit.

May mga panahong nakalilito ang buhay ng tao dahil hindi natin alam kung ano ang dapat nating gawin sa ilang mga sitwasyon.



Kaya narito ang kompas ng Diyos, ang Bibliya, at sinasabi sa atin nito ang tamang direksyon kung paano mamuhay at kung paano tayo makararating sa langit.

- Ang pinakamahalaga at unang direksyon ay ang sumampalataya ka na si Jesus ang iyong tanging Tagapagligtas. Nagawa mo na ba ito? Dito nagsisimula ang iyong paglalakbay.
- Pangalawa ay ang sundin mo ang lahat ng utos o kalooban ng Diyos sa iyong buhay. Paano mo malalaman ang kalooban ng Diyos, o kung ano ang gusto Niya para sa iyo? Sa pamamagitan ng pagbabasa ng Bibliya.

PAGSASABUHAY:

Alam mo ba kung ano ang tama at mali? Alam mo ba kung ano talaga ang gusto mo, o kung anong landas ang dapat mong tahakin?

Maraming mga bata at kabataan ngayon ang naliligaw ng landas. Sinasayang nila ang kanilang buhay sa mga bisyo at kalokohan dahil hindi nila alam ang tamang direksyon.

Nais nilang maging masaya, subalit hindi nila alam paano ito makakamtan. Gusto nila ng makabuluhang buhay,

subalit hindi nila alam kung paano at saan ito makakamit.

Kaya ibinigay sa atin ng Diyos ang Bibliya. Sa pamamagitan nito ay malalaman natin ang Kanyang kalooban.

Halimbawa, sinasabi sa Bibliya:

1. Kung sino ang dapat mong kaibiganin. Piliin mo ang mga taong may takot sa Diyos, dahil ang masamang barkada ay magdadala sa iyo sa kapahamakan (1 Corinto 15:33).
2. Na dapat mong igalang ang iyong ama't ina dahil ang paggalang sa kanila ay magdadala sa iyo ng kasiyahan sa buhay (Efeso 6:1-3).
3. Na dapat mong alalahanin ang Panginoong Diyos na lumikha sa iyo habang ikaw ay bata pa upang hindi ka makagawa ng mga bagay na pagsisisihan mo sa huli (Mangangaral 12:1).

PAGYAMANIN:

1. Ano ang isang kompas?
   _____
   _____
   _____
2. Ano ang pagkakapareho ng isang kompas sa Bibliya?
   _____
   _____
   _____
3. Bakit ibinigay sa atin ng Diyos ang Bibliya?
   _____
   _____
   _____
   _____
4. Ano ang malalaman mo sa pagbabasa ng Bibliya?
   _____
   _____
5. Ayon sa 1 Corinto 15:33, dapat mong piliin ang iyong magiging _____ dahil ang masamang barkada ay magdadalas sa iyo sa kapahamakan.
6. Ayon sa Efeso 6:1-3, dapat mong _____ ang iyong ama't ina upang ikaw ay pagpalain ng Diyos.
7. Ayon sa Mangangaral 12:1, dapat mong _____ ang _____ sa iyo.

8-10. Isaulo ang 1 Corinto 15:33 - **Huwag kayong paloloko. "Ang masasamang kasama ay nakakasira ng mabuting pagkatao."**

MANALAGIN:

Panginoong Diyos, maraming salamat sa Bibliya na siya naming gabay sa aming buhay. Ituro Mo po sa akin ang tamang direksyon, at tulungan Mo po akon sundin ang gusto Mo. Amen.

Aralin 8

ANG GABAY NATING LIWANAG

KATOTOHANAN:

Ibinigay sa atin ng Diyos ang Bibliya upang maging gabay natin.

ARALIN:

Takot ka ba sa dilim? Sana naman ay hindi. Isa sa mga problema kung ikaw ay nasa kadiliman ay hindi mo makita ang iyong dinaraanan.

Noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig, ilang mga bansa ang binomba ng mga kaaway nilang bansa. Nangyayari ito kadalasan sa gabi. Ang mga eroplanong pandigma ng kaaway ay nagbabagsak ng mga bomba sa mga lungsod. Pinupuntirya ng mga bombang ito ang mga gusali, pabrika, at mga kabahayan.



Kaya, minabuti ng mga tao na kapag alam nilang paparating na ang mga eroplano ng kalaban ay pinapatay nila ang lahat ng ilaw sa kanilang mga tahanan, maging ang mga ilaw sa lansangan, at sa buong lungsod. Dapat ay walang makitang kahit na ano ang mga pilotong nagpapalipad ng mga pambombang eroplano.



Kapag sila ay lalabas, kailangan lang nilang magdala ng flashlight. Ang ilaw mula rito ang kanilang magiging gabay sa kanilang paglalakad sa madilim na daan.

Alam mo ba na ang Diyos ay may ibinigay din sa ating flashlight na magbibigay sa atin ng liwanag sa madilim na mundong ito?

Dahil sa kasalanan, maraming tao ang napapahamak. Nasisira ang buhay nila dahil sa mga maling desisyon na kanilang nagagawa. Ito ay dahil sa hindi nila alam ang kalooban ng Diyos.

Kaya, ang sanlibutan ay isang napakadilim na lugar dahil sa kasalanan. Hindi ito literal na kadiliman, kundi isang uri ng kadiliman na bunga ng kasalanan at kasamaan ng tao.

Upang hindi ka maligaw o makagawa ng maling desisyon, ibinigay sa iyo ng Diyos ang Bibliya.

Sinasabi sa Awit 119:105, **"Salita mo'y isang tanglaw na sa akin ay patnubay, sa landas kong daraanan, liwanag na tumatanglaw."**

PAGSASABUHAY:

